NAETISL
National Association of
Educational Translators and
Interpreters of Spoken Languages

MODDC
Missouri
Developmental
Disabilities Council

# Pag-unawa sa Ebalwasyon para sa Espesyal na Edukasyon: Isang Gabay para sa Magulang

Funding for the Supporting Language Access in Schools Project in Missouri provided by the Missouri Developmental Disabilities Council, was supported by the Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) as part of a financial assistance award totaling $1,361,246 with 100 percent funding by ACL/HHS. The contents are those of the author(s) and do not necessarily represent the official views of, nor an endorsement, by ACL/HHS, or the U.S. Government.

# Pag-unawa sa Ebalwasyon para sa Espesyal na Edukasyon: Isang Gabay para sa Magulang

## Ano ang isang espesyal na ebalwasyon sa edukasyon?

Ang espesyal na pagsusuri sa edukasyon ay isinasagawa upang malaman kung ang iyong anak ay may kapansanan at maaaring makinabang sa mga espesyal na serbisyong pang-edukasyon. Ang pagsusuri ay isang hanay ng mga pagsubok, obserbasyon, at panayam na makakatulong upang ilarawan ang pagganap ng iyong anak at kung paano siya pinakamahusay na natututo. Dapat mong ibigay ang iyong pahintulot para sa ebalwasyon.

## Lahat ba ng mga bata ay nakakatanggap ng pare-parehong ebalwasyon?

Hindi, naiiba ang mga ebalwasyon para sa bawat bata depende sa kung ano ang mga kahirapan sa pag-aaral ng bata. Karamihan sa mga bata ay susubukan sa kanilang mga kakayahan sa pag-iisip at, kung sila ay nasa sapat na edad, sa kanilang pangkalahatang kasanayan sa akademiko. Ngunit ang mga test para sa pagsasalita at wika, kasanayan sa paggalaw, pag-uugali, pagbabasa, matematika, at iba pang mga larang ay maaaring isama kung kinakailangan. Karaniwan din para sa mga magulang ang makapanayam tungkol sa background at pag-develop ng bata.

## Sino ang katulong sa proseso ng ebalwasyon?

Maraming mga propesyonal ang nagtutulungan bilang isang koponan upang maunawaan ang mga lakas at kahinaan ng iyong anak:

- **Sikolohista ng Paaralan**
  - Nagsasagawa ng pagsubok na kognitibo at akademiko upang makita kung paano natututo at nag-iisip ang iyong anak.

- Inoobservahan ang pag-uugali ng iyong anak at mga kasanayan niya sa paglutas ng problema.
- Tumutulong na alamin kung ang mga paghihirap sa pag-aaral o pag-uugali ay nauugnay sa isang kapansanan.

- **Pathologist ng Pagsasalita at Wika (SLP)**
  - Sinusuri kung paano umuunawa at gumagamit ng wika ng iyong anak.
  - Sinusuri ang kalinawan ng pagsasalita, bokabularyo, gramatika, at paggamit ng wika sa pakikipaghalubilo.
  - Inaalam kung ang mga kahirapan sa komunikasyon ay nakakaapekto ng pagtututo o pakikipaghalubilo.

- **Guro sa Silid-Aralan**
  - Nagbabahagi ng mga obserbasyon tungkol sa kung paano natututo, lumalahok, at kumikilos ang iyong anak sa klase.
  - Nagbibigay ng mga halimbawa ng mga gawain sa paaralan
  - Tumutulong sa koponan sa paghahambing ng mga kakayahan ng iyong anak sa mga inaasahan sa antas ng grado niya.

- **Social Worker**.
  - Maaaring kapanayamin ang iyong anak at pamilya upang maunawaan ang mga salik sa bahay, sa emosyon o sa pantahanan na nakakaapekto sa pagtututo.
  - Tumutulong na makilala ang mga lakas, ang nagiging sanhi ng stress, at mga suporta sa labas ng paaralan.
  - Nagbibigay ng pananaw sa mga relasyon niya sa kasing-edad niya sa at sa kapakanang emosyonal

- **Iba pang mga Espesyalista (kung kinakailangan)**
  - **Occupational Therapist:** Sinusuri ang mga kasanayang pino sa paggalaw, sulat-kamay, at mga pangangailangan na sensory
  - **Physical Therapist:** Sinusuri ang balanse, koordinasyon at paggalaw.
  - **Nurse/Propesyonal sa Kalusugan:** Sinusuri ang kasaysayang medikal na maaaring makaapekto sa pagtututo.
  - **Tagasuring Bilingual:** Sinisigurado na ang testing ay makatarungan para sa mga mag-aaral na nagsasalita ng higit sa isang wika.

- **Mga Magulang at Iba Pang mga Miyembro ng Pamilya**
  - Nagbibigay ng background sa mga larang, kasama na ang kalusugan ng bata, maagang pagdevelop ng bata, pag-uugali, naunang edukasyon, tahanan at pamilya, wika.
  - Nagbabahagi ng mga alalahanin.

## Paano kinokolekta ang impormasyon?

- **Testing:** Sinusukat ng mga pamantayang testing ang mga kasanayan sa mga larang tulad ng pagbasa, matematika, memorya, wika,
- **Mga Obserbasyon:** Inoobserbahan ng mga propesyonal ang iyong anak sa silid-aralan o iba pang mga setting ng paaralan.
- **Mga Panayam at Pagtatanong:** Ibinabahagi ng mga magulang, guro, at kung minsan, ng mag-aaral ang kanilang mga pananaw
- **Pagsusuri ng mga Rekord:** Isinasaalang-alang ang mga nakaraang report card, mga tala sa kalusugan, at mga nakaraang resulta ng tests

## Paano ko malalaman ang mga resulta?

Makikipagkita ka sa koponan ng ebalwasyon upang suriin ang lahat ng napag-alaman.

Dapat kang magtanong, humiling ng mga paliwanag, at magbahagi ng iyong pananaw. May karapatan kang matanggap ang impormasyong ito sa iyong wikang pantahanan kung hindi ka matatas sa Ingles. Humingi ng mga serbisyo ng interpreter o tagasalin upang malinaw mong maunawaan ang mga resulta ng testing at mga rekomendasyon

Makakatanggap ka ng isang nakasulat na ulat na nagpapaliwanag ng:

- Kung ang iyong anak ay kwalipikado para sa espesyal na edukasyon sa ilalim ng isa sa mga kategorya sa IDEA.
- Mga lakas at kahinaan ng iyong anak.
- Mga rekomendasyon para sa mga suporta at serbisyo.

## Ano ang mangyayari pagkatapos ng pagsusuri?

Kung madedetermina na ang iyong anak ay karapat-dapat, ang koponan —kabilang ka — ay magkakaroon ng isang Programa ng Edukasyon para sa Indibidwal (IEP) na nagbabalangkas ng mga layunin at serbisyo. Kung hindi karapat-dapat ang iyong anak, tatalakayin ng paaralan ang iba pang mga suporta na maaaring makatulong.

**Tandaan**: Ang ebalwasyon ay hindi tungkol sa pagbibigay ng label — ito ay tungkol sa pag-unawa sa mga pangangailangan ng iyong anak upang umunlad at matuto siya.

## May mga tanong pa?

Kausapin ang case manager ng anak mo o sinuman sa mga miyembro ng koponan sa ebalwasyon.

**Paano ako makakakuha ng tulong sa aking wika?**

Humiling ng mga serbisyo ng interpreter sa paaralan ng iyong anak o sa tanggapan ng distrito ng paaralan. Humiling ng isinalin na nakasulat na impormasyon kung kailangan. Ang impormasyong nagagamit ng lahat ng mga magulang sa distrito ng paaralan ay dapat nagagamit mo din.